

Sensitibo ang upo sa masyadong tubig, na tumutulong sa impeksiyon ng mga halaman. Maglagay ng sapat na patuyuan ng tubig lalo sa tag-ulan upang di matulog ang tubig sa taniman. Pagpapatubig naman sa pagitan ng mga tudling ang paraang inirerekomenda kung tag-araw sa pagitan ng isang linggo. Gumamit ng plastic mulch upang mapanatili ang halumigmig sa lupa at makatutulong pa sa pagdami ng mga damo na umaagaw sa pagkain ng halaman.

Pagdadamo at kultibasyon

Hindi gaanong malalim kung mag-ugat ang upo. Ngunit marami itong mag-ugat na karaniwan ay pahalang. Araruhin (hilling up) ang gilid na halaman sa 15-20 araw pagkatubo ng buto. Huwag nang masyadong galawin ang halaman kapag ito ay namumulaklak na at namumunga.

Pag-aani

Mabilis gumulang ang upo at kailangan ang sapat na atensiyon kapag ito ay namumunga na. Karaniwan nang inaabot lang ng 15 araw ang kailangan pag-usbong ng bunga o mula 60 hanggang 80 araw pagkatanim. Anihin ang mga bunga gamit ang isang matalim na kutsilyo na may 5 cm mula sa pinakapuno ng tangkay ng bunga. Ilagay ang inaning upo sa isang basket, balutan ng dahon ng saging upang di magasgas o masira. Ilagay sa mga plastic na bag at dalhin sa palengke.



Ang polyetong ito ay inilathala ng Department of Agriculture, Regional Field Office-III sa ilalim ng High Value Crops Development Program (HVCDP)

Inihanda ng HVCDP, RFO-3 sa pakikipagtulungan ng Agricultural Information Section, Regional Office.



Department of Agriculture
Regional Field Unit 3
City of San Fernando, Pampanga



High Value Crops
Development
Program



**Pag-aalaga ng
UPO**

Pag-aalaga ng Upo

Upo – (*Lagenaria siceraria*)

Bottle Gourd and tawag sa English ng upo. Ang halamang ito ay gumagapang at mayroong mahahaba at matitibay na baging at mga payak na dahon. Ang bungang upo ay pahaba at hugis-bote. Ito ay maaaring umabot na mahigit na isang metro ang haba o higit pa sa ibang mga barayeti. Matigas at matibay ang balat ng mga magulang na upo na kadalasan ay ginagawang balanggot, mga handicrafts at iba pang palamuti.

Kadalasang iniluluto ang bunga ng upo kapag ito ay mura pa. Iniluluto rin ang talbos nito. Ginagawang kakanin ng ilan ang mga buto ng upo. Nagtataglay ito ng carbohydrates at mayaman sa bitamina at ibang mineral.

Ang katas nito ay mabisang gamut sa pananakit ng dibdib, epilepsy at iba pang sakit sa nerbiyos. Ginagamit din ang katas ng upo panggamot sa pangangasim ng sikmura, hindi natutunawan at may ulcer. Ang mga dahon naman nito ay mabisang gamut sa mga sakit sa balat.

Mga Barayeti

Maraming neytib na barayeti ng upo ang maaaring pagpilian. Marami ring lumalabas na mga hybrid na barayeti na malakas umani at matibay sa sakit at peste mula sa mga pribadong kumpanya na gumagawa nito.

Ngunit inirerekomenda pa rin ang barayeting Tambuli mula sa IPB ng UPLB. Umaani ito ng mula 12 hanggang 15 tonelada bawat ektarya. Naaani ito sa loob ng 75 araw mula pagkatanim. Ang isang baging ay nakapagbubunga ng 12 piraso ng upo. Maiiksi lamang ito at madaling ipagbili sa palengke kaysa mga barayeti ng mahahaba na kailangan pang putol-putulin maibenta lamang ng tingi. Maresistensiya ito sa Cucurbit Mosaic virus. Pumili ng mga barayeti na angkop sa inyong lugar at nagugustuhan sa merkado.

Paghahanda ng Lupa

Ihanda ang lupang tatamnan ng maaga upang

mabigyan ng panahon ang mga damo na mabulukan sa lupa. Mag-araro gamit ang maliit na makina o hila ng kalabaw. Pagkaraan ng isang linggo, paraanan ng paragos ng paayon upang mabasag ang lupa. Suyurin ng pahalang pagkaraan ng isang linggo. Pinuhing mabuti ang lupa upang makatulong sa pagkakaroon ng hangin (aeration) at pagluluwag ng lupa.

Pagtatanim

Ibabad ang buto ng upo sa malinis na tubig sa loob ng 24 na oras. Patubuin ang buto sa pamamagitan ng pagbabalot ng mga ito sa isang mamasa-masang tela at itabi sa isang madilim at malamig na lugar. Tingnan kung tumubo na ang mga buto.

Karaniwang itinatanim ang upo ng direkta sa lupa. Kailangan ng 2 kilong binhi sa isang ektarya. Gumawa ng mga tudling na 2.25 hanggang 3 metro ang pagitan. Maglagay ng 2-3 buto sa bawat tundos na ang layo ay mula 0.75 hanggang 1 metro bawat halaman. Takpan agad ng pinong lupa pagkatanim.

Kung ipupunla naman ang mga butong upo, gumamit ng seedling trays, potlets o mga plastic bags. Gumamit ng lupa sa pamunlaan ng pinaghalu-halong compost o organikong abono at pinong lupa. Diligan ang punlaan bago lagyan ng pinatubong buto. Pagkaraan ng 15 araw o kapag lumabas na ang totoong dahon, maari nang ilipat tanim.

Pag-aabono

Mainam din na maipasuri muna ang lupa bago mapataniman. Ngunit kung hindi ito nasuri, maglagay ng 20 bag na organikong abono, at 2 bag na triple 14 bawat ektarya. Ihalo ito sa lupa sa huling paglilinang.

Pagkaraan ng isang buwan makatanim, mag-side-dress ng isang bag na Urea (46-0-0) o mga 10 gramo bawat puno ng upo. Pagkaraan ng 15 araw pagkaraan ng unang side-dressing, maglagay uli ng 2 bag na Urea bawat ektarya o 20 gramo bawat puno at isang bag na Muriate of Potash (0-0-60) o 10 gramo bawat puno. Ilagay ang abono mga 10 cm ang layo sa paligid ng puno. Takpan agad ng

lupa ang abono.

Pagbabalag

Gumawa ng balag na paggagapangan ng upo upang magkaroon ng kalidad ang bunga nito. Rekomendado ang pagbabalag lalo sa tag-ulan upang maiwasan angpagkabulok at hindi masira ang porma ng mga bunga. Magtayo ng mga poste ng kawayan o ipil na may 2 metro ang taas. Itayo ang pinakaposte sa agwat na 2 hanggang 3 metro ang pagitan. Gumawa ng pinakabubong ng balag sa pamamagitan ng pagtatali ng alambre (#16) at plastic straws ng paayon at pahalang. Lagyan ang bawat puno ng upo ng akyatan na yari sa sala-salang kawayan. Sanayin ang mga baging na gumapang sa ginawang akyatan hanggang umabot sa pinakaatip ng balag.

Pamamahala sa peste at kulisap

Ang Yellow Squash Beetle ang pinakamalakas na manirang pesteng kulisap ng upo na karaniwang nananalanta sa unang tatlong lingo makatanim ang upo. Mag-isprey ng angkop na pestisidyo. Ang iba pang pesteng kulisap ay mga uod at iba pang insektong nanginginain sa mga dahon. Huwag mag-isprey kung pa-gabi na. Maaaring mapatay ang mga kaibigang kulisap na tumutulong sa pollination kapag namumulaklak na sa oras na nakabuka ang mga ito.

Pamamahala sa sakit

Ang anthracnose na sakit ang pinakamatinding maminsala sa upo. Gumamit ng angkop na fungicides at putulin agad ang mga tanim na tinamaan ng sakit. Sunugin upang hindi na makahawa.

Pagkakapon

Upang gumanda ang pagsasanga at pamumunga ng upo, ipinapayo ang pagkakapon (pruning) nito. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng pagputol sa pinakadulo ng pangunahing baging at pahalang na mga sanga na lumalabas sa umaakyat na baging.

Pagpapatubig